

Hunyo 22, 2020

Importanteng Abiso mula sa Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad tungkol sa

# Mga Pagsusuri ng Karanasan sa Krimen para sa Programang Kalayaang Magpasya at mga Family Home Agency

---

**Anong dapat malaman** Kung kayo ay nasa Programang Kalayaang Magpasya o nakatira sa isang tahanan ng Family Home Agency, magiging madali para sa mga taong tumutulong sa inyo na makumpleto ang pagsusuri ng karanasan sa krimen.

Sa panahon ng biglang paglitaw ng COVID-19, gusto naming siguraduhin na may mga tauhang mauupahan upang mabilis kayong matulungan. Gusto rin naming siguraduhin na may sapat na sinanay na mga tauhan ang mga provider upang matulungan ang ibang tao sa panahong ito.

**Ano ang nagbabago** Karaniwan, kailangang masuri ang mga fingerprint ng mga taong tumutulong sa inyo.

Dahil sa COVID-19, walang gaanong mga bukas na lugar upang magsuri ng mga fingerprint. Kailangan pa ring masuri ang karanasan sa krimen ng mga taong tumutulong sa inyo, ngunit maaari itong magawa gamit ang kanilang pangalan sa halip na mga fingerprint.

**May mga tanong?** Mangyaring makipag-ugnayan sa inyong lokal na sentrong panrehiyon. Kung hindi nila kayo matulungan, mangyaring mag-email sa [DDSC19@dds.ca.gov](mailto:DDSC19@dds.ca.gov)

**Alamin pa** Basahin ang abiso ng Kagawaran tungkol sa Idineklarang State of Emergency ni Governor Gavin Newsom dahil sa [biglang paglitaw ng COVID-19](#).

Link sa buong teksto ng sulat ng Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad:  
[Mga Pagsusuri ng Karanasan sa Krimen para sa Programang Kalayaang Magpasya at mga Family Home Agency](#)